PANDESAL 2005

Sabado, Oktubre 1, 2005
Ika-26 na Linggo ng Taon
Teresita ni Jesus

Unang Pagbasa: Bar 4:5-12, 27-29
Tinapay ng Buhay: Lc 10:17-24

Tuwang-tuwang nagbalik ang Pitumpu't dalawa at ang sabi: "Panginoon, mga demonyo ma'y sumuko sa amin dahil sa iyong pangalan." Sinabi naman ni Jesus: "Nakita kong bumagsak na parang kidlat si Satanas mula sa langit. Binibigyan ko kayo ng kapangyarihang yumapak sa mga ahas at alakdan. Masusupil ninyo ang lahat ng kapangyarihan ng kaaway, at walang anumang makapipinsala sa inyo. Subalit magalak kayo hindi dahil sa pagsuko sa inyo ng mga espiritu kundi sapagkat nasusulat sa langit ang inyong mga pangalan."

Nang sandaling iyo'y nag-umapaw sa galak sa Espiritu Santo si Jesus at sinabi niya: "Pinupuri kita, Ama, Panginoon ng langit at lupa, dahil inilihim mo ang mga bagay na ito sa marurunong at matatalino, at ipinamulat mo naman sa maliliit. Oo, Ama, naging kalugud-lugod ito sa iyo. Ipinagkatiwala sa akin ng aking Ama ang lahat. Walang nakakakilala kung sino ang Anak kundi ang Ama, at kung sino ang Ama kundi ang Anak at ang sinumang gustuhing pagbunyagan ng Anak."

Pagkatapos ay bumaling si Jesus sa mga alagad at sinabi sa kanila nang sarilinan: "Mapalad ang mga matang nakakakita ng inyong nakikita. Sinasabi ko sa inyo na maraming propeta at hari ang nagnais makita ang inyong nakikita pero hindi nila nakita, at marinig ang inyong naririnig pero hindi nila narinig."

Komentaryo

Ang karangalang hatid ng tagumpay ay nagbibigay ng ibayong kasiyahan. Ganito rin ang kasiyahang nadama ng mga alagad ni Kristo. Matapos ang sapat na panahon ng paghuhubog sa kanila, ang mga alagad ay ipinadala sa iba't-ibang lugar upang ipahayag ang mabuting balita at ibahagi sa mga tao ang mga bagay na natutuhan nila kay Kristo. Umuwi silang tuwang-tuwa at bakas sa mukha ang tagumpay. Natuwa rin si Kristo, pinaalalahanan ang mga alagad na manatiling mapagpakumbaba. Marami silang nagawa.

Tayo rin ay may kanya-kanyang misyon. Kasama si Jesus, marami tayong magagawa at tiyak na magtatagumpay.

Linggo, Oktubre 2, 2005
Ika-27 Linggo ng Taon

Unang Pagbasa: Is 5:1-7

Nais kong awitin para sa aking mahal

ang awit ng pag-ibig tungkol sa kanyang ubasan.
Sa matabang libis ng isang burol,
may isang ubasan ang aking mahal.
Hinukay niya iyon at inalisan ng bato,
at tinamnan ng pinakamahusay na mga sanga.
Nagtayo siya roon ng bantayan, at humukay ng pisaan ng ubas.
Umasa siyang aani ng ubas, pero wala -
mapaklang ubas lamang!
Halikayo, mga taga-Jerusalem, at mga kalalakihan ng Juda,
hatulan ninyo kami ngayon ng aking ubasan.
Ano pa ang puwede kong gawin na di ko ginawa sa aking ubasan?
Umasa akong aani ng ubas, pero wala -
mapaklang ubas lamang!
Sasabihin ko sa inyo ngayon ang gagawin ko sa aking ubasan:
aalisin ko ang bakod niyon, at iyo'y susunugin;
gigibain ko ang pader niyon at iyo'y aapak-apakan.
Pababayaan ko iyon at di aasikasuhin,
hindi ko puputulan ni bubungkalin,
hahayaan kong tubuan ng dawag at tinik.
Uutusan ko rin ang mga ulap na huwag nang maghatid ng ulan doon.
Ang ubasan ni Yawe ng mga Hukbo ay ang bayan ng Israel,
at ang mga taga-Juda naman ang kanyang masarap na halaman.
Naghanap siya ng katarungan, ngunit suhol ang natagpuan;
naghanap siya ng pagkamatuwid,
ngunit daing ng kaapihan ang narinig.

Ikalawang Pagbasa: Fil 4:6-9

Kaya huwag kayong mabalisa; sa halip ipakita ninyo sa Diyos ang lahat ninyong mga hinihingi sa panalangin at dasal na taglay ang pagpapasalamat. Sa gayon ang kapayapaan ng Diyos, na higit pa sa maiisip ay mag-iingat sa inyong mga puso at isipan kay Kristo Jesus. Bukod dito, mga kapatid, piliin ninyo ang lahat ng totoo, dakila, makatarungan, dalisay, kaibig-ibig at marangal, ang anumang dapat hangaan at purihin. Isagawa ninyo ang inyong natutuhan at natanggap, ang narinig at na- kita ninyo sa akin. At sasainyo ang Diyos na mapayapa.

Tinapay ng Buhay: Mt 21:33-43

Makinig kayo sa isa pang halimbawa: *May isang may-ari ng bahay na nagtanim ng ubasan; binakuran ang paligid nito, humukay para sa pisaan ng ubas, at nagtayo ng toreng bantayan.* Pinaupahan niya ang ubasan sa mga magsasaka at naglakbay sa malayo. Nang malapit na ang panahon ng anihan, pinapunta ng may-ari ang kanyang mga katulong sa mga magsasaka para kubrahin ang kanyang bahagi sa ani. Ngunit sinunggaban ng mga magsasaka ang kanyang mga katulong, binugbog ang isa, pinatay ang iba at binato ang ilan.

Nagpadala uli ang may-ari ng marami pang katulong pero ganoon din ang ginawa ng mga magsasaka sa kanila.

Sa bandang huli, ipinadala na rin niya ang kanyang anak sa pag-aaka-

lang ‘Igagalang nila ang aking anak.’ Ngunit nang makita ng mga magsasaka ang anak, inisip nilang ‘Ito ang tagapagmana. Patayin natin siya at mapapasaatin ang kanyang mana.’ Kaya sinunggaban nila siya, at pinalayas sa ubasan at pinatay.

Ngayon, pagdating ng may-ari ng ubasan, ano ang gagawin niya sa mga magsasaka?” Sinabi nila sa kanya: “Hindi niya kaaawaan ang masasamang taong iyon; pupuksain niya ang mga iyon at pauupahan ang ubasan sa ibang magsasakang magbibigay ng kanyang kaparte sa anihan.”

At sumagot si Jesus: “Hindi ba ninyo nabasa sa Kasulatan? *‘Naging panulukang bato ang tinanggihan ng mga tagapagtayo. Gawa ito ng Panginoon; at kahanga-hanga ang ating nakita.’* Kaya sinasabi ko sa inyo: aagawin sa inyo ang kaharian ng Diyos at ibibigay sa isang bayang makapagpapalago nito.

Komentaryo

Mayroong mga diyosesis sa ating bansa na sumasailalim sa isang programang pastoral na kung tawagin ay Stewardship. Layunin ng programang ito na ipaabot sa mga tao ang kaalaman na tayo ay mga katiwala ng Diyos. Ang lahat ng mga bagay at kaugnayan natin sa kapwa-tao ay ipinagkatiwala ng Diyos sa atin. Alam ng Diyos na tayo ay mapagkakatiwalaan. Kailangan nating pagmalasakitan at mahalin ang ating kapwa. Sa pamamagitan ng Stewardship Program mas makikita ng mga tao ang kanilang tungkulin sa simbahan at ang kanilang pananagutan dito. Ang simbahan ay kaloob ng Diyos sa tao at ang pananampalataya ay ang natatanging handog niya sa mga pinagkalooban nito. At dahil alam nga natin na ang lahat ng bagay dito sa mundo ay kaloob ng Diyos, mayroon tayong tungkuling pangalagaan ito at tiyaking ang mga susunod pang salinlahi ay may maganda ring mundong gagalawan.

Lunes, Oktubre 3, 2005
Ika-27 Linggo ng Taon

Unang Pagbasa: Jon 1:1–2:1, 11
Tinapay ng Buhay: Lc 10:25-37

May tumindig na isang guro ng Batas para subukin si Jesus. Sinabi niya: “Guro, ano ang gagawin ko para makamit ang buhay na walang hanggan?” Sumagot sa kanya si Jesus: “Ano ba ang nasusulat sa Batas, at paano mo ito naiintindihan?” Sumagot ang guro ng Batas: “Mamahalin mo ang Panginoon mong Diyos nang buo mong puso at nang buo mong kaluluwa at nang buo mong lakas at nang buo mong pag-iisip. At nasusulat din naman: Mamahalin mo ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili.”

Noo’y sinabi ni Jesus sa kanya: “Tama ang sagot mo. Gawin mo ito at mabubuhay ka.” Pero gustong mangatwiran ng guro ng Batas kaya sinabi niya kay Jesus: “At sino naman ang aking kapwa?” Sinagot siya ni Jesus: “May isang taong bumaba mula sa Jerusalem papunta sa Jerico at nahulog siya sa kamay ng mga tulisan. Hinubaran siya ng mga ito at binugbog at saka iniwang halos patay na. Nagkataon namang may isang paring pababa rin sa daang iyon. Pagkakita sa kanya, lumihis ito ng daan. Gayundin

naman, may isang Levitang napadaan sa lugar na iyon; nang makita siya'y lumihis din ito ng daan.

Pero may isang Samaritano namang naglalakbay na napadaan sa kinaroroonan niya; pagkakita nito sa kanya, naawa ito sa kanya. Kayat lumapit ito, binuhusan ng langis at alak ang kanyang mga sugat at binendahan. Isinakay nito ang tao sa sarili niyang hayop at dinala sa isang bahay-panuluyan at inalagaan. Kinabukasan, dumukot ang Samaritano ng dalawang denaryo, ibinigay sa may-ari ng bahay-panuluyan at sinabi: 'Alagaan mo siya; sasagutin ko ang anumang karagdagang gastos pagbalik ko'.

At sinabi ni Jesus: "Sa palagay mo, sino sa tatlong ito ang naging kapwa sa taong nahulog sa kamay ng mga tuli-san?" Sagot ng guro: "Ang nagdalang-habag sa kanya." Kaya sinabi ni Jesus sa kanya: "Humayo ka't ganoon din ang gawin."

Komentaryo

Kasabay ng urbanisasyon ay ang pagdami ng mga subdibisyon, mga proyektong pabahay at pagkakaroon ng mga iskuwater. At bilang tugon sa pangangailangang magkaisa, mag-organisa at magtulungan ay ang pagbuo ng mga samahan ng mga magkakapitbahay. Dahil sa ang mga bahay ay magkakalapit, inaasahang magiging magkakakilala ang isa't isa. Subalit hindi ito nangyayari. Kapansin-pansin ang mga nagtataasang pader na siyang naghihiwalay sa mga bahay. Ito marahil ang dahilan ng pagiging malayo sa isa't-isa. Dagdag pa rito ang pagiging abala sa kanya-kanyang gawain. Tayo ay tinatawagan na gumawa ng mga tulay kaysa sa mga bakod upang mas makilala natin ang ating kapwa.

Martes, Oktubre 4, 2005
Ika-27 Linggo ng Taon
Francisco ng Asisi

Unang Pagbasa: Jon 3:1-10
Tinapay ng Buhay: Lc 10:38-42

Sa kanilang paglalakbay, pumasok si Jesus sa isang nayon at pinatuloy siya ng isang babaeng nagngangalang Marta. May kapatid siyang babae na tinatawag na Maria. Naupo ito sa may paanan ng Panginoon at nakikinig sa kanyang salita. Abalang-abala naman si Marta sa mga pagsisilbi kaya lumapit siya at sinabi: "Panginoon, hindi mo ba napapansing pinabayaan ako ng aking kapatid na babae na magsilbing mag-isa? Pakisabi mo naman sa kanya na tulungan ako."

Sumagot sa kanya ang Panginoon: "Marta, Marta, abala ka't balisa sa maraming bagay; isa lang naman ang kailangan. Pinili nga ni Maria ang mainam na bahagi na hindi kukunin sa kanya."

Komentaryo

Isa sa mga makabuluhang pagbabago ng Vatican Council II ay ang panawagan sa pagbuo ng mga bagong ministries na tutugon sa mga pangangailangan ng panahon at maghihikayat sa mga tao upang aktibong makilahok sa mga gawain ng simbahan at ng sambayanan. Sa isa sa mga

parokyang napuntahan ko, natuwa ako na malamang mayroon ng Ushers o Ministry of Hospitality. Tungkulin nilang isaayos ang mga tao at ang pook na pinagdarausan ng misa. Ang kanilang misyon ay tulungan ang mga tao na magkaroon ng taimtim na pagdalangin at maayos na pakikiisa sa mga misa. Ang mga ushers ay mga Marta at Maria sa parokya. Maraming Marta at Maria kahit saan.

Miyerkules, Oktubre 5, 2005
Ika-27 Linggo ng Taon

Unang Pagbasa: Jon 4:1-11
Tinapay ng Buhay: Lc 11:1-4

Isang araw, nananalangin si Jesus sa isang lugar at pagkatapos niya'y sinabi sa kanya ng isa sa kanyang mga alagad: "Panginoon, turuan mo kaming manalangin kung paanong tinuruan ni Juan ang kanyang mga alagad." At sinabi ni Jesus sa kanila: "Kung mananalangin kayo, sabihin ninyo:

"Ama, sambahin ang ngalan mo, dumating ang kaharian mo, bigyan mo kami araw-araw ng pagkaing kailangang-kailangan namin, patawarin mo kami sa aming mga sala; tingnan mo't pinatatawad din namin ang lahat ng may utang sa amin, at huwag mo kaming dalhin sa tukso."

Komentaryo

Tuwing may ordinasyon naririnig nating sinasabi ng Obispo ang ganito:

Believe what you read
Preach what you believe
And do what you teach

Ito'y isang hamon at utos na isabuhay ng pari ang pananampalatayang itinuturo at ipinahahayag niya sa mga tao. Nang si Jesus ay pinakiusapan ng mga alagad na turuan silang magdasal, nakita muna ng mga alagad kung paano siya magdasal. Ang mabuting guro ay nagtuturo hindi lamang sa salita kundi sa gawa. Ang Ama Namin ay panalanging nakaugat sa malalim na kaugnayan ng Anak sa kanyang Ama. Tulad ni Jesus, tayo ay kumikilala sa iisang dakilang Ama at tayo ay kinikilala niyang kanyang mga Anak.

Huwebes, Oktubre 6, 2005
Ika-27 Linggo ng Taon
Bruno at Marie-Rose Durocher

Unang Pagbasa: Mal 3:13-20
Tinapay ng Buhay: Lc 11:5-13

Sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad, "Ipalagay nating may kaibigan ang isa sa inyo at pinuntahan mo siya sa hatinggabi at sinabi: 'Kaibigan, pahiram nga ng tatlong pirasong tinapay dahil kararating lang mula sa biyahe ng isa kong kaibigan at wala akong maihain sa kanya.' At sasagutin ka siguro ng nasa loob: 'Huwag mo na akong gambalain. Nakatrangka na ang pinto at nakahiga na kami ng mga bata;

hindi na ako maaaring tumayo para bigyan ka.’ Sinasabi ko sa inyo, kung hindi man siya buma-ngon para magbigay dahil sa pakikipagkaibigan, babangon pa rin siya at ibibigay sa iyo ang lahat mong kailangan dahil sa pagpupumilit sa kanya.

“Kaya sinasabi ko sa inyo: humingi at kayo’y bibigyan, maghanap at matatagpuan ninyo, kumatok at bubuksan ang pinto para sa inyo. Talaga ngang tumatanggap ang humihingi, nakakatagpo ang naghahanap at pinagbubuksan ang kuma- katok.

“Sino sa inyo ang amang magbibigay ng ahas sa kanyang anak kung isda at hindi ahas ang hinihingi nito? Sino ang magbibigay ng alakdan kung itlog ang hinihingi? Kaya kung kayo mang masasama’y marunong magbigay ng mababuting kaloob sa inyong mga anak, gaano pa kaya ang Ama mula sa langit? Tiyak na ibibigay niya ang banal na Espiritu sa mga hihingi sa kanya.”

Komentaryo

Kapag papuntang Bicol, may daang short cut sa Pagbilao, Quezon. Ito ang daang paliku-liko sa Atimonan (EME). May mga parting matarik at kapag gabi ay may mga taong may lente na siyang magsasabi kung may kasalubong. Sila ay mga volunteers na hindi nanghihingi ng bayad; pero kung sila ay binibigyan, ay taos-pusong nagpapasalamat. Madalas tayo ay natututong magdasal sa Diyos kung tayo ay may hinihingi. Kung minsan, hindi tayo nagpapasalamat sa mga biyayang ating tinanggap. Kung hindi naman agad sinagot ang ating dasal, nagtatampo tayo. Ang Diyos ay nananatiling tapat at kaisa natin sa buhay.

Biyernes, Oktubre 7, 2005
Ika-27 Linggo ng Taon
Mahal na Birheng Maria ng Rosaryo

Unang Pagbasa: Jl 1:13-15; 2:1-2
Tinapay ng Buhay: Lc 11:15-26

Nang makapagpalayas si Jesus ng demonyo, sinabi ng ilan sa mga tao, “Pinalalayas niya ang mga ito sa tulong ni Beelzebul na pinuno ng mga demonyo.” Gusto naman ng iba na subukin si Jesus at humingi sila sa kanya ng isang tanda galing sa langit.

Alam ni Jesus ang kanilang iniisip kaya sinabi niya sa kanila: “Mababuwag ang bawat kahariang nagkakahati-hati at magigiba roon ang mga sambahayan. Ngayon, kung nagkakahati-hati si Satanas, paano magtatagal ang kanyang kaharian? Di nga ba’t sinasabi ninyo na nagpapalayas ako ng mga demonyo sa tulong ni Beelzebul? Kung sa pamamagitan ni Beelzebul ako nagpapalayas ng mga demonyo, paano naman napalalayas ng inyong mga kaanib ang mga ito? Sila mismo ang nararapat sumagot sa inyo.

“Sa daliri ng Diyos ako nagpapalayas ng mga demonyo kaya sumapit na sa inyo ang kaharian ng Diyos. Kung sandatahang binabantayan ni Malakas ang kanyang palasyo, hindi magagambala ang kanyang mga pag-aari. Pero kung salakayin siya ng mas makapangyarihan sa kanya at talunin siya,

maaagaw nito ang kanyang mga armas na kanyang inasahan at ipamamahagi ang kanyang mga ari-arian. “Ang hindi panig sa akin ay laban sa akin, at ang hindi nagtitipong kasama ko ay nagpapangalat.

“Kapag lumabas sa tao ang maruming espiritu, nagpapalabuy-laboy ito sa mga lugar na walang tubig sa paghahanap ng pahingahan. Pero wala siyang natatagpuan at sinasabi niya: ‘Babalik ako sa inalisan kong tirahan.’ Pagdating niya, natatagpuan niya ito na nawalisan na at maayos pa.

Kaya naghahanap siya at nagsasama ng pito pang espiritung mas masama pa kaysa kanya; pumapasok ang mga ito at doon tumitira. Kaya mas masama ang huling kalagayan ng taong iyon kaysa dati.”

Komentaryo

Sa tuwing magkakaroon ng usap-usapan na maycoup de etat, ang pamahalaan sa pamamagitan ng nakaupong administrasyon ay magsasagawa ng loyalty check sa mga kasapi ng Sandatahang Lakas at Pulisya. Layunin ng loyalty check na: (a) muling pangibabawin ang katapatan ng mga sundalo sa pamunuang sibilyan, at (b) matuklasan kung sino-sino ang sumusuporta sa planong palitan ang administrasyon.

Kung si Jesus kaya ang magsasagawa ng loyalty check sa ating mga tagasunod ni Jesus, sinu-sino sa atin ang makakapasa at handang patunayan ang kanyang katapatan sa Panginoon? Handa kaya tayong sumailalim sa pagsubok?

Sabado, Oktubre 8, 2005
Ika-27 Linggo ng Taon

Unang Pagbasa: Jl 4:12-21
Tinapay ng Buhay: Lc 11:27-28

Habang nagsasalita pa si Jesus, isang babae mula sa dami ng tao ang malakas na nagsabi sa kanya: “Mapalad ang nagdala sa iyo sa kanyang sinapupunan at nagpasuso sa iyo.” Ngunit sumagot si Jesus: “Kaya talagang mapalad ang mga nakikinig sa salita ng Diyos at tumutupad nito.”

Komentaryo

Tulad din ng ikakasal, ang mga pari bago ordenahan ay “tinatawag” (banns) sa parokyang kanyang kinabibilangan at ng kanyang pamilya. Sa isang “pagtawag” nagkataong nagsimba ang nanay ng oordinahan. Matapos na marining ang pangalan ng anak, hindi napigilan ang sarili na nagsisigaw: “Anak ko ‘yan, anak ko ’yan - magiging pari na ang anak ko.”

Sa bawa’t tagumpay ng anak, may ina na nasa likod niya at lubos ang kanyang kaligayahang nadarama. Ito ay dahil para sa isang ina, ang sakit ng pagsilang at ang panahong ginugol sa pagdadalang-tao ay naisaisantabi lamang kung ang anak ay nagiging matagumpay. Para kay Jesus, ang tunay na tagumpay ay nakaugat sa pagsunod sa utos ng Diyos at pakikinig sa Salita.

Linggo, Oktubre 9, 2005
Ika-28 Linggo ng Taon

Unang Pagbasa: Is 25:6-10

Sa bundok na ito ihahanda ni Yawe ng mga Hukbo ang isang piging para sa lahat ng bayan: sagana sa pagkain, pili ang alak. Sa bundok na ito niya sisirain ang belo ng pagluluksa ng lahat ng bayan, ang talukbong na bumabalot sa lahat ng bansa, at wawasakin niya ang Kamatayan magpakailanman.

Papahirin ni Yaweng Panginoon ang luha sa lahat ng mukha, papawiin niya ang kahihiyan ng kanyang bayan at ng buong daigdig - Ito ang sabi ni Yawe.

Sa araw na iyon, sasabihin nila: “Ito nga ang aming Diyos na aming hinihintay na sa ami’y magliligtas; ito si Yawe na ating inaasahan. Magalak tayo ngayon at magsaya sa kanyang pagliligtas. Sapagkat sa bundok na ito mananatili ang kamay ni Yawe.

Ikalawang Pagbasa: Fil 4:12-14, 19-20

Nahaharap ko ang karalitaan at ang kasaganaan; handa ako sa lahat ng bagay; sanay ako sa kabusugan at gutom, sa pagsasawa at kakulangan. Kaya ko ang lahat sa tulong ng nagpapalakas sa akin. Gayunman, mabuti ang ginawa ninyo sa paki- kibahagi sa aking kapighatian.

Kaya bibigyang-kasiyahan kayo ng aking Diyos sa lahat ng inyong kailangan, ayon sa kanyang kayamanan, nang buong kagandahang-loob, kay Kristo Jesus. Luwalhatiin ang Diyos na ating Ama magpakailanman! Amen.

Tinapay ng Buhay: Mt 22:1-10

Muling nagsalita si Jesus sa pamamagitan ng mga talinhaga: “Tungkol sa nangyayari sa kaharian ng Langit ang kuwentong ito: May isang haring naghanda sa kasal ng kanyang anak na lalaki. Ipinatawag niya sa mga katulong ang mga imbitado sa kasalan ngunit ayaw nilang dumalo.

“Muli niyang pinapunta ang iba pang mga katulong para sabihin sa mga inanyayahan sa kasalan: ‘Naghanda ako ng pagkain, nagpatay ng mga toro at mga pinatabang hayop; handa na ang lahat kaya pumarito na kayo sa kasalan.’ Ngunit hindi nila pinansin ang paanyaya, sa halip ay may pumunta sa kanyang taniman, at sa kanyang negosyo naman ang isa pa. Sinunggaban naman ng iba pa ang mga katulong ng hari, nilibak at pinatay.

Lubhang nagalit ang hari kayat ipinadala niya ang kanyang hukbo para puksain ang mga mamamatay-tao at sunugin ang lunsod. At sinabi niya sa kanyang mga katulong: ‘Handa na ang kasalan ngunit hindi karapat-dapat ang mga inanyayahan. Pumunta kayo ngayon sa dulo ng lunsod at anyayahan sa kasalan ang bawat makita ninyo.’ Kaya agad na lumabas sa mga daan ang mga katulong at tinipon ang lahat ng makita, masama at mabuti, at napuno ang kasalan ng mga nasa hapag.

Pagkatapos ay dumating ang hari para tingnan kung sino ang mga nasa hapag at napansin niya ang isang lalaking hindi nakadamit-pampiyesta. Kaya sinabi niya sa kanya: ‘Kaibigan, paano ka nakapasok nang walang damit pangkasal?’ Ngunit hindi umimik ang tao. Kaya sinabi ng hari sa

kanyang mga katulong: ‘Igapos ang kanyang mga kamay at paa, at itapon sa dilim, kung saan may iyakan at pagngangalit ng mga ngipin.’

Marami ngang talaga ang tinawag pero kaunti ang pinili.”

Komentaryo

Hindi na bago sa atin na tayo ay maanyayahan sa mga pagdiriwang. Isang karangalan ang maanyayahan man la-mang, at kung pinapaunlakan natin,magandang pagkakataon ang makihalubilo sa mga panauhin. Natutuwa rin ang tagapagdiwang.

Ang paanyaya ng Diyos para tayo ay dumalo sa inihanda niyang bangkete sa kaharian ay bukas para sa lahat. At tulad ng anumang okasyon, may kalayaan tayong paunlakan, o kaya’y ipagwalang-bahala ang paanyaya. Sa mga ayaw dumalo, marami ang kanilang dahilan. May mga gusto namang dumalo subalit hindi handa. Maging handa nawa tayo at bukas sa paanyaya ng Diyos.

Lunes, Oktubre 10, 2005
Ika-28 Linggo ng Taon

Unang Pagbasa: Rom 1:1-7
Tinapay ng Buhay: Lc 11:29-32

Nang dumadagsa na ang mga tao, nagsimulang magsalita si Jesus: “Masamang lahi ang lahing ito; humihingi ito ng palatandaan pero walang ibang palatandaang ibibigay rito kundi ang palatandaan ni Jonas. At kung paanong naging palatandaan si Jonas para sa mga taga-Ninive, gayundin naman ang Anak ng Tao para sa mga tao sa kasalukuyan. Sa paghuhukom, babangon ang Reyna ng Timog kasama ng mga lalaki ng lahing ito at hahatulan sila. Sapagkat dumating siya mula sa kabilang dulo ng mundo para masaksihan ang karunungan ni Solomon at dito’y may mas dakila pa kay Solomon. Sa paghuhukom, babangon ang mga lalaking taga-Ninive kasama ng salinlahing ito at hahatulan nila ito dahil nagbalik-loob sila sa pangangaral ni Jonas; at dito’y may mas dakila pa kay Jonas.

Komentaryo

Sa mga nagmamaneho ng sasakyan, mahalaga na may sapat na kaalaman na magbasa ng mga tanda sa trapiko. Ang mga tandang ito ay nagbibigay ng direksyon at impormasyon. Mahalaga sa tao ang may kakayahang magbasa ng mga tanda sa iba’t ibang bagay. May mga taong marunong lamang magbasa ng mga tanda kung ito’y di-pangkaraniwan at kataka-taka. Subalit ang tanda ng pagkilos ng kamay ng Diyos, tulad ng pagsugo kay Jesus ay nakaugat sa pang araw-araw na buhay. Ipinanganak siya at dumating sa daigdig sa napakaordinaryong paraan. Hindi tuloy matanggap si Jesus ng mga dalubhasa sa pagbasa ng mga tanda. Mahalaga talaga ang pagbasa sa mga tanda.

Martes, Oktubre 11, 2005
Ika-28 Linggo ng Taon

Unang Pagbasa: Rom 1:16-25
Tinapay ng Buhay: Lc 11:37-41

Matapos magsalita si Jesus, inanyayahan siya ng isang Pariseo na kumain sa bahay nito. Pumasok siya at dumulog sa hapag. At nagtaka ang Pariseo nang makitang hindi muna siya naghugas ng kamay bago kumain. Ngunit sinabi sa kanya ng Panginoon: “Kayong mga Pariseo, ugali ninyong linisin ang labas ng mga baso’t pinggan pero nag-uumapaw naman sa kasakiman at kasamaan ang inyong loob! Mga hangal! Di ba’t ang maygawa ng labas ang siya ring maygawa ng loob? Pero naglilimos lamang kayo at sa akala ninyo’y malinis na ang lahat.

Komentaryo

Tuwing papalapit ang halalan, makikitang ipinapaskil ang mga kaakit-akit at piling larawan ng mga kandidato. Kadalasan, nakasulat ang kanilang mga magagandang katangian at ang kanilang nagawa at planong isasagawa kapag nahalal. Sa mga talumpati, pawang mga papuri at paglalahad ng kanilang kakayahan, galing at kahandaang mamuno at maglingkod ang ipinapakita. Ang lahat ng kandidato ay mga “Mr. o Mrs. Clean” kung pagbabasehan lamang ang pananalita at mga posters bilang sukatan ng pagpili.

Sana mayroon din tayong sukatan kung paano mababasa ang nasa loob ng mga pulitiko at malaman natin ang kanilang intensyon at hangarin.

Miyerkules, Oktubre 12, 2005
Ika-28 Linggo ng Taon

Unang Pagbasa: Rom 2:1-11
Tinapay ng Buhay: Lc 11:42-46

Sinabi ni Jesus, “Sawimpalad kayong mga Pariseo! Nagbabayad nga kayo ng ikapu ng yerbabuena at ng ruda at ng lahat ng gulay, at pinababayaan naman ninyo ang katarungan at ang pag-ibig sa Diyos. Ito nga ang dapat gawin nang di kinaliligtaan ang mga iyon. Sawimpalad kayong mga Pariseo! Gusto ninyong mabigyan ng pangunahing upuan sa mga sinagoga at mabati sa mga liwasan. Sawimpalad kayo, na parang mga nakatagong libingan, na inaapakan ng mga tao at di man lang nila namamalayan.”

Nagsalita ang isang guro ng Batas: “Guro, iniinsulto mo rin kami sa pagsasabi mo ng mga ito.” At sinabi ni Jesus: “Sawimpalad din kayong mga guro ng Batas! Ipinapapasan ninyo sa mga tao ang mga napakabibigat na pasanin, ngunit ni isang daliri ay ayaw ninyong igalaw para tulungan sila.”

Komentaryo

Sa ganang akin, ang tunay at epektibong lider ay yaong namumuno sa pamamagitan ng halimbawa: gawa at hindi lamang puro salita. Kailangan natin ang mga pinuno na may puso at may pagmamalasakit sa nakararami, at di lamang napipilitan o kaya’y mga personal na ambisyon ang pinaiiral. Sa panahon ng halalan, mahalagang matanto natin kung ano ang

saloobin ng mga kandidato. Huwag sana tayong padadala sa matatamis na salita at panlabas na pangako.

Ipanalangin natin na ang bawat halalan ay maging maayos mapayapa at kapanipaniwala. Sa pagpili ng pinuno, si Jesus ang ating nag-iisang pamantayan.

Huwebes, Oktubre 13, 2005
Ika-28 Linggo ng Taon

Unang Pagbasa: Rom 3:21-29
Tinapay ng Buhay: Lc 11:47-54

Sinabi ni Jesus, "Sawimpalad kayong nagtatayo ng mga puntod sa mga propetang pinatay ng inyong mga ama. Sa gayon ninyo inaamin at sinasang-ayunan ang mga ginawa ng inyong mga ama; iniligpit nila ang mga propeta, at makapagtatayo na kayo ngayon.

(Sinabi rin ng Karunungan ng Diyos:) Nagsusugo ako sa kanila ng mga propeta at mga apostol ngunit uusigin nila at papatayin ang ilan sa kanila. Kayat papapanagutin ang salinlahing ito sa dugo ng lahat ng propeta, sa dugong nabuhos mula pa sa pagkatatag ng mundo, mula sa dugo ni Abel hanggang sa dugo ni Zacarias na nasawi sa pagitan ng altar at ng santuwaryo. Oo, sinasabi ko sa inyo, papapanagutin ang salinlahing ito.

Sawimpalad kayong mga guro ng Batas na umagaw sa susi ng kaalaman. Hindi na kayo pumasok at hinadlangan pa ninyo ang mga makapapasok."

Pagkatapos ay umalis si Jesus at sinimulan naman ng mga guro ng Batas at mga Pariseo na mahigpit na makipagtalo sa kanya. Pinapagsalita nila siya tungkol sa maraming bagay at pilit na sinisilo sa anumang sinasabi niya."

Komentaryo

Mayroong propesor sa Church History na paulit-ulit na nagsasabing, "History repeats itself because nobody listens" (Nauulit ang kasaysaysan dahil walang nakikinig). May mga aral ang nakaraan na nagsisilbing leksyon sa kasalakuyan. Ang kasaysayan ay punong-puno ng mga buhay ng tao na siyang dahilan ng pag-unlad o pagbagsak ng pamayanan.

Bahagi tayo ng pagbuo ng kasaysayan. May mga kuwento at taong nag-iiwan ng bakas ng kanilang buhay. Ang maganda ay tularan, at ang mga masalimuot ay suriin at ituring na aral para sa buhay

Biyernes, Oktubre 14, 2005
Ika-28 Linggo ng Taon

Unang Pagbasa: Rom 4:1-8
Tinapay ng Buhay: Lc 12:1-7

Nang magkatipon ang libu-libong tao hanggang magkatapakan na sila, sinimulang sabihin ni Jesus sa kanyang mga alagad: “Mag-ingat muna kayo sa lebadura ng mga Pariseo, na walang iba kundi ang pagkukunwari.

Walang tinatakpan na di mabubunyag, walang natatago na di malalaman. Kaya naman, ang sinabi ninyo sa dilim, sa liwanag maririnig; at ang ibinulong ninyo sa mga kuwarto, sa bubungan ipahahayag.

Sinasabi ko naman ito sa inyo na mga kaibigan ko: huwag ninyong katakutan ang mga nakapapatay sa katawan at wala nang magagawa pa. Itututuro ko sa inyo kung sino ang dapat ninyong katakutan: matakot kayo sa may kapangyarihang pumatay at may kapangyarihan pang magbulid sa impiyerno. Oo, sinasabi ko sa inyo, ito ang katakutan ninyo. Di ba’t ipinagbibili nang dalawang pera ang limang maya? Subalit isa man sa kanila’y di nalilimutan ng Diyos. Bilang na pati ang lahat ng buhok sa inyong ulo. Huwag kayong matakot; mas mahalaga pa kayo kaysa maraming maya.

Komentaryo

Para sa mga Pro-lifers ang buhay ay napakahalagang kaloob ng Diyos at dapat pangalagaan; mula pa sa sinapupunan hanggang sa ang tao ay bawian ng kanyang hiram na buhay. Ito ang dahilan kung bakit nagsusumikap tayong magtrabaho para mabuhay. Ang tawag natin sa trabaho ay “hanap-buhay.” Subalit may mga tao na mas napapahalagahan ang buhay sa pamamagitan ng pag-alay nito o kaya’y walang takot sa pagharap sa mga sumisira sa dignidad ng buhay. Sa simbahan marami tayong mga martir at mga kababayan na nagbuhos ng dugo alang-alang sa pananampalataya. Para sa mga martir, ang pananampalataya ay siyang nagbibigay kahulugan sa buhay at siya ring magbibigay liwanag sa buhay na walang hanggan.

Sabado, Oktubre 15, 2005
Ika-28 Linggo ng Taon
Teresa ng Avila

Unang Pagbasa: Rom 4:13, 16-18
Tinapay ng Buhay: Lc 12:8-12

Sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad, “Sinasabi ko sa inyo: sinumang kumilala sa akin sa harap ng mga tao ay kikilalanin din ng Anak ng Tao sa harap ng mga anghel ng Diyos. At ang ayaw kumilala sa akin sa harap ng mga tao’y hindi rin kikilalanin sa harap ng mga anghel ng Diyos.

Ang sinumang magsalita laban sa Anak ng Tao ay mapapatawad, ngunit ang sinumang lumait sa Espiritu Santo ay hindi mapapatawad. Dalhin man nila kayo sa harap ng mga sinagoga at mga namumuno at mga maykapangyarihan, huwag kayong mabalisa kung paano ninyo ipagtatanggol ang sarili o kung ano ang inyong sasabihin. Sapagkat ang Espiritu Santo ang magtuturo sa inyo sa oras na iyon ng dapat na sabihin.”

Komentaryo

Sa *paglilitis sa hukuman, mahalaga ang papel ng saksi. Ang kanilang pahayag ayon sa kanilang nalalaman ay makakatulong sa pagbibigay ng desisyon ng husgado. Kung kaya't hinihiling sa kanila ang mangako na magsasabi ng katotohanan. Ito marahil ang kaisipan sa likod ng istasyon ng telebisyon na ang kanilang pagbabalita ay pinamagatang SAKSI. Subalit sa ating pagi-ging Kristiyano, ang maging saksi ay hindi nakasalalay sa nakikita o naririnig. Ito ay nakikita sa pagsasabuhay ng mga bagay na itinuturo ng Panginoon. Angkop ang salitang Latin na martyrion. Tayo ay mga saksi ni Kristo at ito ay mapapatunayan natin sa uri ng ating pamumuhay*

Linggo, Oktubre 16, 2005
Ika-29 na Linggo ng Taon

Unang Pagbasa: Is 45:1, 4-6

Ito ang sabi ni Yawe sa kanyang pinahiran, kay Ciro: "Hinawakan kita sa kanang kamay upang lupigin ang mga bansa sa harap mo at alisan ng sandata ang mga hari; bubukas sa harap mo ang mga pintuan ng mga lunsod at hindi na isasarang muli ang mga iyon.

Alang-alang kay Jacob na aking lingkod, kay Israel na aking hinirang, tinawag kita sa iyong pangalan at binigyan ng tungkulin bagamat di mo ako nakikilala. Ako si Yawe, at wala nang iba pa, wala nang ibang diyos liban sa akin, Sinandatahan kita noong di mo pa ako kilala, upang mula sa pagsikat ng araw hanggang sa paglubog ay malaman ng lahat na wala nang iba pa liban sa akin - ako si Yawe at wala nang iba pa.

Ikalawang Pagbasa: 1 Tes 1:1-5

Mula kina Pablo, Silvano at Timoteo para sa Iglesya ng mga taga-Tesalonika na nasa Diyos Ama at na kay Kristo Jesus.

Sumainyo nawa ang kapayapaan at kagandahang-loob ng Diyos.

Lagi kaming nagpapasalamat sa Diyos dahil sa inyo at inaalaala namin kayo sa aming mga panalangin. Palagi naming naaalaala sa harap ng Diyos na ating Ama ang trabaho ng inyong pananampalataya, ang gawa ng inyong pagmamahal at ang inyong katatagan sa paghihintay kay Kristo Jesus na ating Panginoon.

Naaalaala namin, mga kapatid na mahal ng Diyos, kung paano kayo hinirang. Hindi nga sa salita lamang ang pag-eebanghelyo namin sa inyo, kundi sa kapangyarihan, nang may banal na espiritu at marami pang ibang ibinigay sa inyo. Alam din ninyo kung paano namin kayo pinakitunguhan alang-alang na rin sa inyo.

Tinapay ng Buhay: Mt 22:15-21

Umurong ang mga Pariseo at nagpulong kung paano nila huhulihin si Jesus sa sarili niyang mga salita. Kaya ipinadala nila ang kanilang mga alagad kasama ng mga kampi kay Herodes.

Sinabi nila kay Jesus: “Guro, nalalaman namin na tapat kang tao at tunay na nagtuturo ng daan ng Diyos; hindi ka napadadala sa iba at nagsasalita hindi ayon sa kalagayan ng tao. Kaya ano ang palagay mo: ayon ba sa Batas na magbayad ng buwis sa Cesar? Dapat ba tayong magbayad sa kanya o hindi?”

Alam naman ni Jesus ang masama nilang pakay, at sinabi niya sa kanila: “Mga mapagkunwari! Bakit ninyo ako sinusubukan? Ipakita ninyo sa akin ang perang pambuwis.”

Ipinakita nila ang isang denaryo, at sinabi sa kanila ni Jesus: “Sino ang nakalarawan dito, na narito rin ang kanyang pangalan?” Sumagot sila: “Ang Cesar.” At sinabi niya sa kanila: “Kung gayon, ibigay sa Cesar ang para sa Cesar, at sa Diyos ang para sa Diyos.”

Komentaryo

May alam akong isang lalawigan, at ito’y maaring totoo rin sa ibang lugar, na ang pangalan ng punong ehekutibo ay makikita sa halos lahat ng bagay; bubong at bakod ng mga eskuwelahan, tarangkahan ng munisipyo, mga palatandaan, tulay, ospital, tanggapan ng barangay at iba pa. Akala ko nga noong una ay napakayaman ng nabanggit na pulitiko dahil kaya niyang magpagawa ng mga proyektong galing sa sariling bulsa. Mali ang aking akala, dahil perang galing sa buwis ng bayan naman ang ginasta niya.

Bakit kaya kailangang maglagay pa ng mga pangalan? Para magyabang? Magpakitang-tao? Magkaroon ng pogi points? Kulang ba sa pansin ang iba nating pulitiko? Bakit kaya hindi na lamang ilagay ang pinagmulan ng mga bagay na ginamit sa pagpapagawa ng proyekto? Sa bandang huli mahihiya tayo dahil ang mga bagay na ito ay mula sa Diyos.

Lunes, Oktubre 17, 2005
Ika-29 na Linggo ng Taon
Ignacio ng Antioquia

Unang Pagbasa: Rom 4:20-25
Tinapay ng Buhay: Lc 12:13-21

Sinabi kay Jesus ng isa sa karamihan, “Guro, sabihin mo nga sa aking kapatid na hatian ako ng mana.” Ngunit sinabi ni Jesus sa kanya: “Kaibigan, sino ang nagtalaga sa akin bilang hukom o tagapaghati ninyo?” At sinabi niya sa mga tao: “Mag-ingat kayo at iwasan ang bawat uri ng kasakiman sapagkat magkaroon man ng marami ang tao, hindi sa kanyang mga ari-arian nakasalalay ang kanyang buhay.”

At idinagdag ni Jesus ang isang talinhaga: “May isang taong mayaman na maraming tinubo sa kanyang lupain. Kaya nag-isip-isip siya: ‘Ano ang gagawin ko? Wala man lang akong mapagtipunan ng aking ani.’ At sinabi niya: ‘Ito ang gagawin ko, gigibain ko ang aking mga bodega at magtatayo ako ng mas malalaki; doon ko titipunin ang lahat kong trigo at ang iba pa. At masasabi ko na sa aking sarili: Kaibigan, marami kang ari-ariang nakalaan para sa maraming taon. Magpahinga ka, kumain, uminom at magsaya.’

“Ngunit sinabi sa kanya ng Diyos: ‘Hangal! Sa gabi ring ito, babawiin sa iyo ang iyong buhay. Mapapasakanino na ang iyong inihanda?’

“Gayon din ang masasabi sa sinumang nag-iimpok ng yaman para sa kanyang sarili at walang tinutubo para sa Diyos.”

Komentaryo

May isang itinatayong simbahan sa Metro Manila na hanggang ngayon ay hindi pa tapos, subalit kapansin-pansin ang laki nitong mala-Katedral. Nakapagtataka sapagkat ito ay matatagpuan sa gitna ng isang relocation area para sa mga urban poor settlers at ang perang ginagasta sa pagpapatayo ay mula sa kontribusyon ng mga tao, na kahit na mahihirap ay handang magbigay, kahit paunti-unti. Isa itong hamon sa mga nakaririwasa na lubhang nahihirapang magbigay sa pag-aakalang malaki itong kabawasan.May mga tao kasing nasa materyal na bagay natatagpuan ang sinasandalan nila sa buhay. Isang malaking pagkakamali. Ang kuwento sa Ebanghelyo ay isang babala.

Martes, Oktubre 18, 2005
San Lucas, Ebanghelista

Unang Pagbasa: 2 Tim 4:9-17
Tinapay ng Buhay: Lc 10:1-9

Pagkatapos nito, humirang ang Panginoon ng iba pang pitumpu’t dalawa at isinugo silang dala-dalawa na mauna sa kanya sa bawat bayan at lugar na takda niyang puntahan. Sinabi niya sa kanila: “Marami nga ang aanihin at kakaunti naman ang mga manggagawa; idalangin ninyo sa panginoon ng ani na magpadala siya ng mga manggagawa sa kanyang ani. Lumakad na kayo. Isinusugo ko ka- yong parang mga tupa sa gitna ng mga asong-gubat. Huwag kayong magdala ng pitaka, bag o mga sandalyas. At huwag ninyong batiin ang sinuman sa daan.

“Saanmang bahay kayo pumasok, sabihin muna ninyo: ‘Mapasatahanang ito ang kapayapaan!’ Kung mapayapang tao ang naroon, sasakanya ang inyong kapayapaan. Kung hindi’y magbabalik sa inyo ang inyong dasal. At sa bahay na iyon kayo ma- natili; kumain kayo at uminom na kasalo nila sapagkat may karapatan ang manggagawa sa kanyang sahod. Huwag kayong magpapapalit-palit ng bahay.

“Saanmang bayan kayo pumasok at tanggapin nila kayo, kanin ninyo anumang ihain sa inyo. Pagalingin din ninyo ang mga maysakit doon at sabihin ninyo sa kanila: ‘Palapit na sa inyo ang kaharian ng Diyos.’”

Komentaryo

May isang kantang totoong nakakatuwa. Bahagi ng awit ay ganito:“I’m alive, alert, awake, enthusiastic...” Ang pangkat ay hinahati sa apat na grupo na pinangalanang alive, alert, awake, enthusiastic. Pabilisan ng pagtayo sabay-sabay kapag itinuro ang grupo.

Ang tema ng pagiging gising at handa ang paulit-ulit na binabanggit sa Ebanghelyo. Kailangan natin ito dahil sa ang Diyos ay dumarating sa buhay sa iba’t ibang paraan at sa iba’t ibang panahon.

At hindi rin natin alam kung kailan niya tayo tatawagin. Tama ang mga Boy Scouts, kailangan ay "Laging Handa."

Miyerkules, Oktubre 19, 2005
Ika-29 na Linggo ng Taon
Pablo de la Cruz at Isaac Jogues

Unang Pagbasa: Rom 6:12-18
Tinapay ng Buhay: Lc 12:39-48

Sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad, "Isipin ninyo ito: kung nalaman lamang ng may-ari ng bahay kung anong oras ng gabi ang dating ng magnanakaw, hindi sana niya pababayaang looban ang kanyang bahay. Kaya maging handa kayo sapagkat dumarating ang Anak ng Tao sa oras na hindi ninyo inaakala."

Sinabi ni Pedro: "Panginoon, kanino mo ba sinasabi ang talinhagang ito, sa amin o sa lahat?"

Sumagot ang Panginoon: "Isipin ninyo ito: may tapat at matalinong katiwala na pangangasiwain ng panginoon sa kanyang mga tauhan para bigyan sila ng rasyon sa tamang oras. Kung sa pagdating ng kanyang panginoon ay matagpuan siya nitong tumutupad nang gayon, mapalad ang lingkod na iyon. Talagang sinasabi ko sa inyo, pangangasiwain siya nito sa lahat nitong ari-arian. Ngunit maaari namang maisip ng lingkod na iyon: 'Matatagalan pang dumating ang panginoon ko' at simulang pagmalupitan ang mga utusang lalaki at babae, at kumain, uminom at maglasing. Ngunit darating ang panginoon ng lingkod na iyon sa araw na di niya inaasahan at sa oras na di niya nalalaman. Palalayasin niya ang katulong na ito at pakikitunguhang gaya ng mga di-tapat.

"Maraming hampas ang tatanggapin ng katulong na nakaaalam sa kalooban ng kanyang panginoon pero hindi naghanda ni sumunod sa kalooban niya. Kaunti lang naman ang tatanggapin ng walang nalalaman sa kalooban niya ngunit gumawa ng mga bagay na dapat parusahan. Hihingan nga ng marami ang binigyan ng marami at hihingan nang higit ang pinagkatiwalaan nang higit."

Komentaryo

Kapansin-pansin ang pagdami ng mga kilusang isinusulong ang adhikaing maka-kalikasan. May mga taong masigasig kahit na nga marami ring walang pakialam. Napapanahon ang pagkilos ng mga ito dahil kung ating susuriin, napakabilis ng pagkasira ng ating mga kabundukan, mga ilog at dagat, at pagdumi ng hanging sanhi ng mapang-abuso at walang pagmamalasakit na paggamit. Hindi ba't ang ating kapaligiran ay kaloob sa atin ng Diyos? Kung ganoon, kailangan natin itong pangalagaan upang kung paano ang ating mga ninuno ay nagtamasa ng kagandahan ng mundo, ganoon din sana ang ating mga darating pang salinlahi.

Huwebes, Oktubre 20, 2005
Ika-29 na Linggo ng Taon

Unang Pagbasa: Rom 6:19-23
Tinapay ng Buhay: Lc 12:49-53

Sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad, “Dumating ako upang maghagis ng apoy sa lupa, at ganoon na lamang ang pagnanais kong magliyab na sana ito! Ngunit dapat akong mabinyagan ng isang binyag, at ganoon na lamang ang pagkabalisa ko hanggang di ito nagaganap!

“Sa akala ba ninyo’y dumating ako para mag- bigay ng kapayapaan sa lupa? Hindi, sinasabi ko sa inyo, kundi paghihiwa-hiwalay! Sapagkat mula ngayo’y magkakahati-hati ang limang nasa isang sambahayan, tatlo laban sa dalawa at dalawa laban sa tatlo; magkakahati-hati sila: ama laban sa anak na lalaki at anak na lalaki laban sa ama, ina laban sa anak na babae at anak na babae laban sa ina, biyenang babae laban sa kanyang manugang na babae at manugang na babae laban sa biyenang babae.”

Komentaryo

Matapos ang pag-atake ng mga terorista sa Amerika noong Setyembre 11, 2001, nagkaroon ng pulong kung saan sinabi ni Pangulong George W. Bush sa kanyang panawagan sa mga kaalyadong bansa: “Either you support us, or you are for the terrorists.” Ganito rin ang hamon ng Ebanghelyo. Nasa panig ba tayo ni Kristo? Kung hindi, tayo ay nasa kabilang panig. Hindi maaari ang nasa pagitan. Kung tayo ay nasa panig ni Kristo, hindi lang tayo kuntentong nabubuhay sa kapayapaan, pagmamahalan, pagkakaisa at katarungan. Kailangan mabuhay din tayong ipinakikipaglaban ang mga ito. At dahil dito, dapat handa tayong humarap sa mga kalaban ng Ebanghelyo ni Kristo.

Biyernes, Oktubre 21, 2005
Ika-29 na Linggo ng Taon

Unang Pagbasa: Rom 7:18-25
Tinapay ng Buhay: Lc 12:54-59

Sinabi rin ni Jesus sa mga tao, “Kapag nakita ninyong tumataas ang ulap sa kanluran, kaagad ninyong sinasabi, ‘Uulan,’ at ganoon nga ang nangyayari. At kung umiihip naman ang hangin galing timog, sinasabi ninyong ‘Magiging napakainit,’ at nangyayari nga ito. Mga mapagkunwari! Nabibigyan ninyo ng kahulugan ang anyo ng lupa at langit pero bakit hindi ninyo sinusuri kung ano ang panahong ito?

“At bakit hindi kayo mismo ang makapagpasya kung ano ang tama? Sa pagpunta mo sa maykapangyarihan kasama ng kalaban mo, sikapin mong makipag-areglo sa kanya sa daan; baka iharap ka sa hukom, at ibigay ka naman ng hukom sa pulis para ipakulong sa bilangguan. Sinasabi ko sa iyo: hindi ka makalalabas doon hanggang hindi mo nababayaran ang kahuli-hulihang sentimo.”

Komentaryo

Sa isa sa mga parokyang napuntahan ko, pinahanga ako ng ilang matatanda. Titingnan lang nila ang himpapawid, nalalaman na nila kung uulan o iinit sa susunod na araw. Nalalalaman din nila kung may bagyong

darating. Masasabi rin nila ang tamang panahon ng pagtanim o kung kailan dapat pumalaot para sa maraming huli ng isda sa dagat. Ang hamon ko sa mga tao doon ay ang gamitin ang ganitong pagiging sen-sitibo sa pagbasa ng mga tanda ng pagdating ng kaharian ng Diyos. At kung nararamdaman na nila na dumating na ang bukang liwayway ng paghahari ng kagandahang-loob ng Diyos, sana'y huwag silang mag-atubiling makilahok dito.

Sabado, Oktubre 22, 2005
Ika-29 na Linggo ng Taon

Unang Pagbasa: Rom 8:1-11
Tinapay ng Buhay: Lc 13:1-9

Dumating naman ang ilang tao na nagbalita kay Jesus ng nangyari sa Templo. Ipinapatay nga ni Pilato ang mga taga-Galilea at nahalo ang kanilang dugo sa mga handog nila.

Sinabi ni Jesus sa kanila: "Sa akala ba ninyo'y mas makasalanan ang mga taga-Galileang iyon kaysa lahat ng mga taga-Galilea dahil sila ang nagdusa? Hindi. At sinasabi ko sa inyo: kung hindi kayo magbabago, mapapahamak din kayong lahat.

"Gayon din naman sa namatay na labingwalong taong nabagsakan ng tore sa Siloe, sa akala ba ninyo'y mas may utang sila sa Diyos kaysa lahat ng naninirahan sa Jerusalem? Sinasabi ko: hindi, pero kung hindi kayo magbabago, mapapahamak din kayong lahat."

At sinabi ni Jesus ang talinhagang ito: "May taong may isang puno ng igos sa kanyang ubasan. At pumunta siya para maghanap ng mga bunga pero wala siyang nakita. Kaya sinabi niya sa nag-aalaga ng ubasan: 'Tatlong taon na akong pumaparito sa paghahanap ng mga bunga sa punong-igos na iyan at wala akong nakita. Putulin mo iyan at pampasikip lang sa lupa.' Ngunit sumagot sa kanya ang tauhan: 'Ginoo, pabayaan mo na siya ngayong taon. Maghuhukay ako sa paligid nito at lalagyan ng pataba. Baka sakaling mamunga siya ngunit kung hindi'y saka mo siya putulin."

Komentaryo

Bawa't isa sa atin ay nilalang ng Diyos na may tungkuling dapat gampanan sa mundo. Para tayong mga piraso sa isang malaking jigsaw puzzle na may kanya- kanyang kalalagyan ayon sa ating talino, kakayahan at pagkatao. Sa ganitong paraan, ang larawan sa puzzle ay mabubuo at magiging kaaya-aya sa mga titingin. Ito ang bungang hinihingi sa atin ng Ebanghelyo. Hinahamon tayo na maging kapaki-pakinabang sa ating pamayanan at pamilya at bigyang halaga ang pangangailangan ng kapwa. Tinatawag tayong gumawa ng mabuti at tumulong sa abot ng ating makakaya. Ipinakita ni Jesus ang tamang daan sa paglilingkod at pagmamahal.

Sundan natin.

Linggo, Oktubre 23, 2005
Ika-30 Linggo ng Taon

Unang Pagbasa: Ex 22:20-26

Huwag mong pahirapan o apihin ang isang dayuhan, sapagkat kayo man ay naging dayuhan din sa lupain ng Ehipto.

Huwag ninyong apihin ang biyuda o ulila. Sakaling apihin mo sila at dumaing sa akin, tiyak na pakikinggan ko sila, at mag-aapoy ang aking poot at papatayin kita sa tabak, at mabibiyuda rin ang iyong asawa at mauulila naman ang iyong mga anak.

Kung nagpautang ka ng pera sa aking bayan, sa dukhang kasama mo, huwag kang maging gaya ng usurero - huwag mo siyang patawan ng tubo.

Kung may inilit kang balabal, ibalik mo iyon paglubog ng araw, sapagkat iyon lamang ang pantakip niya sa kanyang katawan. Ano pa ang kanyang tutulugan? At kapag dumaing siya sa akin, pakikinggan ko siya sapagkat ako ay maawain.

Ikalawang Pagbasa: 1 Tes 1:5-10

Hindi nga sa salita lamang ang pag-eebanghelyo namin sa inyo, kundi sa kapangyarihan, nang may banal na espiritu at marami pang ibang ibinigay sa inyo. Alam din ninyo kung paano namin kayo pinakitunguhan alang-alang na rin sa inyo.

At tinularan naman ninyo kami at ang Panginoon; pagkatanggap nga ninyo sa salita, nagtiis kayo ng pag-uusig nang may ligaya ng Espiritu Santo. At naging huwaran kayo para sa mga mananampalatayang nasa Macedonia at Acaya; sa inyo nagmula ang salita ng Panginoon sa Macedonia at Acaya, at sa ibayo pang mga lugar.

Lumaganap sa maraming lugar ang inyong pananampalataya sa Diyos at hindi na namin kailangang banggitin pa ito. Sila mismo ang nagsasabi kung paano ninyo kami tinanggap at kung paano ninyo tinalikuran ang mga diyus-diyusan para sa Panginoon. Pinaglilingkuran na nga ninyo ang buhay at tunay na Diyos, at hinihintay magbalik mula sa langit ang muli niyang binuhay na Anak - si Jesus na nagpalaya sa atin mula sa nakaambang kaparusahan.

Tinapay ng Buhay: Mt 22:34-40

Narinig ng mga Pariseo na napatahimik ni Jesus ang mga Sadduseo, at sumang-ayon sila sa kanya. Kaya sinubukan siya ng isa sa kanila na isang guro ng Batas sa tanong na ito: “Guro, ano ang pinakamahalagang utos ng Batas?”

Sumagot si Jesus: “Mahalin mo ang Panginoon mong Diyos nang buo mong puso, nang buo mong kaluluwa at nang buo mong pag-iisip. Ito ang una at pinakamahalagang utos. Ngunit may ikalawa pa na tulad nito: Mahalin mo ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili. Sa dalawang utos na ito nabubuod ang buong Batas at Mga Propeta.”

Komentaryo

Si Fatima Traazil ng Singapore ay naniniwala na ang kanyang pagmamahal sa kanyang mga anak ay dahilan ng kanyang kampanya para pangalagaan ang kalikasan. Naisip niya na kung pababayaang patuloy na masira ang kapaligiran, ito ang mamanahin ng kanyang mga anak.

Sinikap ni Mrs. Traazil na maging mabuting halimbawa para sa iba. Hindi siya nagtatapon ng basura kung saan-saan lamang. Hindi siya nahihiyang gumamit ng mga recycled na papel, plastic at anumang sisidlan ng gamit na mapapakinabangan pa.

At sinabi niya, "Ang aking ginagawa para sa kalikasan ay bahagi ng aking kaugnayan sa Diyos at sa kanyang nilikhang daigdig."

Ang gawaing ito ni Mrs. Traazil ay isang paalala na tayo ay mga katiwala lamang ng mga bagay na nilalang ng Diyos.

Lunes, Oktubre 24, 2005
Ika-30 Linggo ng Taon
Antonio Maria Claret

Unang Pagbasa: Rom 8:12-17
Tinapay ng Buhay: Lc 13:10-17

Nagtuturo si Jesus sa isang sinagoga sa Araw ng Pahinga, at may isang babae roon. Labing-walong taon na siyang may espiritung nagbibigay-sakit; nagkakakandakuba na siya at di makatingala. Pagkakita sa kanya ni Jesus, tinawag siya nito at sinabi: "Babae, lumaya ka sa iyong sakit." Ipinatong nito sa kanya ang mga kamay at agad na nakatayo nang tuwid ang babae at nagpuri sa Diyos.

Nagalit ang pangulo ng sinagoga dahil nagpagaling si Jesus sa Araw ng Pahinga kaya sinabi niya sa mga tao: "May anim na araw para magtrabaho kaya sa mga araw na iyon kayo pumarito para mapagaling, hindi sa Araw ng Pahinga!"

Sinagot siya ng Panginoon: "Mga mapagkunwari, hindi ba kinakalagan ng bawat isa sa inyo ang kanyang baka o asno mula sa sabsaban nito sa Araw ng Pahinga at inilalabas para painumin? At isang babae naman ang narito na anak ni Abraham na labingwalong taon nang iginapos ni Satanas. Di ba siya dapat kalagan sa Araw ng Pahinga?"

Napahiya ang lahat niyang kalaban pagkarinig sa kanya pero nagalak naman ang mga tao sa lahat ng kahanga-hangang ginagawa ni Jesus.

Komentaryo

Ang Biblia ay kailangang matutukan at pagnilayan ang mga mahahalagang salita na maaring maging susi upang lubos na maunawaan ang mensaheng nais ipaabot nito. Isang halimbawa sa Ebanghelyo ngayon, mahalaga ang salitang "kalagan." Kapag may nakatali, tulad ng hayop, ang pagkalag ay nagbibigay ng kalayaan. Ang kalayaan ay salitang bunga ng pagkalag sa anumang bagay na umaalipin sa tao. Marami ang mga umaalipin sa atin: bisyo, sakit, kamangmangan, atbp. Kapag tayo ay malaya, mas pakiramdam nating mas tao tayo. Mas tao ang ating buhay kung tayo ay may kalayaan. Lalo na kung tayo ay malaya sa pagkaalipin ng kasalanan.

Martes, Oktubre 25, 2005
Ika-30 Linggo ng Taon

Unang Pagbasa: Rom 8:18-25

Tinapay ng Buhay: Lc 13:18-21

Sinabi pa ni Jesus: “Ano ang katulad ng kaharian ng Diyos? Sa ano ito maikukumpara? Tulad ito sa buto ng mustasa na kinuha ng isang tao at itinanim sa kanyang hardin: lumaki, naging parang puno at sumisilong sa kanyang mga sanga ang mga ibon ng langit.”

At sinabi niya uli: “Sa ano ko ikukumpara ang kaharian ng Diyos? Katulad ito ng lebadura na kinuha ng isang babae at ibinaon sa tatlong takal ng harina hanggang umalsa ang buong masa.”

Komentaryo

Isang araw, naanyayahan ako sa isang Evangelical Liturgical Service. Napag-alaman ko na ang Ecumenical Service na ito ay laging ginagawa para sa pagkakaisa ng mga Kristiyano at ibang mananampalataya. Napakagandang tignan ang mga pari, pastor at ministro ng iba’t ibang simbahan na magkakatabi sa altar. May mga nagbasa ng Salita ng Diyos, mayroong nagbigay ng testimonya. Ang buong liturhiya ay naka-ugat sa paggalang at pagkakaisa.

Sa ganitong paraan natin makikita ang paglago ng kaharian ng Diyos at hindi sa pagdedebate at pagpapagalingan. Bago kami umuwi, mayroon kaming pinagsaluhan na simpleng agape sabay-sabay na pagkain sa isang mesa.

Miyerkules, Oktubre 26, 2005
Ika-30 Linggo ng Taon

Unang Pagbasa: Rom 8:26-30
Tinapay ng Buhay: Lc 13:22-30

Dumaan si Jesus sa mga lunsod at mga nayon, na nagangaral habang papunta siya sa Jerusalem. May nagtanong sa kanya: “Panginoon, kakaunti nga ba ang maliligtas?” At sinabi ni Jesus sa mga tao: “Magpumilit kayong pumasok sa makipot na pintuan sapagkat sinasabi ko sa inyo: marami ang gustong pumasok at di makapapasok. Kapag tumindig na ang may-ari ng bahay at naisara na ang pinto, tatayo kayo sa labas na kumakatok at magsasabing ‘Panginoon, buksan mo kami.’ Sasagot naman siya sa inyo: ‘Hindi ko alam kung taga-saan kayo.’

“Kaya sasabihin ninyo: ‘Kami ang kumain at uminom na kasalo mo, at sa aming mga lansangan ka nangaral.’ Pero sasagutin niya kayo: ‘Hindi ko alam kung tagasaan kayo. Lumayo sa akin, kayong mga gumagawa ng masama.’ Naroon ang iyakan at pag-ngangalit ng mga ngipin pagkakita ninyo kina Abraham, Isaac, Jacob at sa lahat ng propeta sa kaharian ng Diyos, at ipagtatabuyan naman kayo sa labas. At makikisalo naman sa Kaharian ng Diyos ang mga darating mula sa silangan, kanluran, timog at hilaga. Oo, may mga huli ngayon na mauuna at may mga una na mahuhuli.”

Komentaryo

Nag-text sa akin ang isang kaibigan. Bakit daw mas madali para sa mga tsuper ang makaligtas kaysa sa mga pari at mga Obispo? Sagot: Ang mga tsuper dahil sa bilis ng takbo, ang mga pasahero ay napapadasal, samantalang ang mga pari, kapag nagse-sermon, ang mga tao ay

nakakatulog at hindi nakapagdadasal. Ito ay kuwentong kalye at pampatawa lamang. Pero binibigyang diin sa kuwento ang tungkol sa kaligtasan.

Noong tayo ay bininyagan, naging mga tagapagmana tayo ng kaharian ng Diyos. Kailangan nating isabuhay ang pananampalataya sa pamamagitan ng pagmamahal sa kapwa. Hindi sapat na tayo ay Kristiyano lamang sa pangalan, sa salita. Kailangang ipakita ito sa gawa.

Huwebes, Oktubre 27, 2005
Ika-30 Linggo ng Taon

Unang Pagbasa: Rom 8:31-39
Tinapay ng Buhay: Lc 13:31-35

Nang sandaling iyo'y dumating ang ilang Pariseo at binalaan siya: "Umalis ka rito at pumunta sa ibang lugar. Gusto kang ipapatay ni Herodes." Sinabi naman ni Jesus: "Puntahan ninyo ang musang na 'yon at sabihin sa kanya: 'Ngayon at bukas ay nagpapalayas ako ng mga demonyo at nagpapagaling at nasa ikatlong araw ang katapusan ko.' Subalit dapat akong maglakad ngayon, bukas at sa susunod na araw sapagkat hindi bagay na mamatay sa labas ng Jerusalem ang isang propeta.

"Jerusalem, Jerusalem! Pinapatay mo ang mga propeta at binabato ang mga sinugo sa iyo. Gaano kadalas kong ginustong tipunin ang iyong mga anak gaya ng pagyupyop ng inahin sa kanyang mga sisiw pero tumanggi ka nga. Ngayon, iiwanan ang inyong Bahay. Sinasabi ko nga sa inyo na hindi na ninyo ako makikita hanggang di sumasapit ang panahon na sabihin ninyo: Mapalad ang dumarating sa ngalan ng Panginoon."

Komentaryo

Si Benigno "Ninoy" Aquino ay itinuring na bayani ng Pilipinas sa makabagong panahon. Para sa kanya, ang Pilipinas ay dapat pag-ala- yan ng buhay. Marahil nanlulumo siya ngayong nakikita ang takbo ng ating lipunan. Si Jesus ay nanlulumo rin sa kanyang mga nakita. Ang kapayapaan na kanyang hatid sa mga tao ay pinagsawalang-halaga. Ang kanyang misyon ay ang paggawa ng kabutihan para sa mga tao. Subalit ito ay babayaran nila ng kamatayan. Tayo ay nanlulumo rin kapag ang ating mabubuting gawa at kaisipan ay nauuwi sa wala. Kaya lang tulad ni Jesus at mga martir, handa ba tayong magbuwis ng buhay para sa ating paninindigan at pananampalataya

Biyernes, Oktubre 28, 2005
Ika-30 Linggo ng Taon
Simon at Judas Tadeo, mga Apostol

Unang Pagbasa: Ef 2;19-22
Tinapay ng buhay: Lc 6:12-16

Nang panahong iyon, umakyat si Jesus sa bundok para manalangin at magpalipas ng magdamag sa pagdarasal sa Diyos. Nang nag-umaga na, tinawag niya ang kanyang mga alagad at pu-mili siya ng labindalawa sa kanila na tinawag niyang apostol: si Simon na pinangalanan niyang

Pedro, si Andres na kapatid nito; si Jaime, si Juan, si Felipe, si Bartolome, si Mateo, si Tomas, si Jaimeng anak ni Alfeo, si Simon na tinataguriang Zelota, si Judas na kamag-anak ni Jaime, at si Judas Iskariote na naging tagapagkanulo.

Komentaryo

Kaiba kina Mateo, Marcos at Juan, si Lukas ay madalas isalaysay si Jesus na umaakyat sa bundok kasama ang mga alagad at pagkatapos ay bumababa kaagad sa patag. Ito'y isang sagradong lugar na kung saan si Jesus ay nagdarasal. Dito rin nabubuo ang mahahalagang desisyon ng Panginoon. Subalit matapos magdasal, si Jesus at ang mga alagad ay bumabalik sa kanilang mga kasamahan. Anumang karanasang mistiko na nangyari sa bundok ay kailangan magbigay lakas para mas maging epektibo sila sa pagpapalaganap ng mabuting balita. Hindi sa bundok, kundi sa patag ang talagang misyon: naroon ang mga tao at kung saan sila nabubuhay na may pagsubok at tagumpay.

Sabado, Oktubre 29, 2005
Ika-30 Linggo ng Taon

Unang Pagbasa: Rom 11:1-2, 11-12, 25-29
Tinapay ng Buhay: Lc 14:1, 7-11

Isang Araw ng Pahinga, pumasok si Jesus sa bahay ng isang pinuno ng mga Pariseo para kumain, at minamanmanan naman nila siya.

May talinhaga siyang sinabi nang mapuna niyang pinipili ng mga inimbita ang mga unang puwesto: "Kung anyayahan ka sa isang kasalan, huwag kang lumagay sa unang puwesto. Baka may kinumbidang mas importante kaysa iyo, at darating ang kumumbida sa inyong dalawa para sabihing 'Ibigay mo sa kanya ang puwestong ito.' Kaya mapapahiya ka't pupunta sa huling puwesto.

"Sa halip, kung anyayahan ka, sa huling puwesto ka pumunta sapagkat pag dating ng kumumbida sa iyo, sasabihin niya sa iyo: 'Kaibigan, lumapit ka pa.' Kaya mapararangalan ka sa harap ng lahat ng inanyayahan. Sapagkat ibababa ang lahat ng nagpapakataas at itataas ang nagpapakababa."

Komentaryo

Minsan, ako ay ipinadala sa Papua New Guinea bilang misyonero. Mula noong dumating ako hanggang sa umalis makalipas ang apat na taon, may isang tao akong itinuturing na idolo - si Archbishop Michael Meier, SVD, ang Arsobispo ng Mt. Hagen, at aming Obispo rin.

Nang kami ay dumating sa paliparan, siya mismo ang sumalubong sa amin. Isa-isang niyang binuhat ang aming mabibigat na bagahe para ilagay sa sasakyan na kanya ring minamaneho. Kapag pumupunta ako sa kanyang opisina, siya ang nagtitimpla ng kape para sa akin. Minsan, nagkakarpintero siya sa kanyang bahay. Sana marami pang Archbishop Meier, tunay na halimbawa ng paglilingkod at pagpapakumbaba.

Linggo, Oktubre 30, 2005
Ika-31 Linggo ng Taon

Unang Pagbasa: Mal 1:14–2:2, 8-10

Sumpain ang mandaraya na matapos mangako ng isang toro mula sa kanyang kawan ay nag-aalay ng isang bansot na hayop. Ako'y haring dakila at ipagpipitagan ang aking Pangalan sa lahat ng bansa, sabi ni Yawe ng mga Hukbo.

Para sa inyo ang babalang ito, mga pari. Kapag hindi ninyo ito pinakinggan o hindi ninyo dinibdib ang pagluwalhati sa aking Pangalan, sabi ni Yawe ng mga Hukbo, isusumpa ko kayo, pati na ang pagbabasbas ninyo. Isinumpa ko na ito dahil hindi ninyo dinidibdib ang inyong tungkulin.

Ngunit lumihis kayo, at marami ang nadapa dahil sa mali ninyong turo. Sinira ninyo ang aking tipan kay Levi. Kaya ipinahamak ko kayo at ipinalibak sa buong bayan sapagkat hindi ninyo tinahak ang aking mga daan at may kinilingan kayo sa inyong mga paghatol.

Hindi ba't may iisang ama tayong lahat? Hindi ba't iisang Diyos ang lumikha sa ating lahat? Kung gayo'y bakit ipinagkakanulo ng bawat isa sa atin ang ating kapatid at nilalapastangan ang Tipan ng ating mga ninuno?

Ikalawang Pagbasa: 1 Tes 2:7-9, 13

Kahit na maaari naman naming hingin na igalang kami bilang mga apostol ni Kristo.

Sa halip, kami ay naging magiliw sa inyo gaya ng ina na nagpapasuso at kumakandong sa kanyang sanggol. At sa laki ng aming malasakit sa inyo, handa naming ibigay sa inyo, hindi lamang ang Ebanghelyo, kundi ang sariling buhay sapagkat totoong mahal namin kayo.

Alalahanin ninyo, mga kapatid, ang aming trabaho at pagod. Hindi kami naging pabigat kaninuman habang ipinangangaral namin ang Ebanghelyo ng Diyos, kundi araw-gabi kaming nagtrabaho.

Kaya walang katapusan ang pagpapasalamat namin sa Diyos sapagkat pagkatanggap ninyo ng aral mula sa amin, tinanggap ninyo ito, hindi bilang salita ng tao kundi bilang salita ng Diyos na talagang nagkakabisa sa inyong mga naniniwala.

Tinapay ng Buhay: Mt 23:1-12

At sinabi ni Jesus sa mga tao at sa kanyang mga alagad: "Ang mga guro ng Batas at mga Pariseo ang umupo sa puwesto ni Moises. Pakinggan at gawin ang lahat nilang sinasabi pero huwag silang pamarisan, sapagkat nagsasalita sila pero hindi naman ginagawa. Naghahanda sila ng mabibigat na pasanin at ipinapatong sa mga balikat ng mga tao. Ngunit hindi nila ikinikilos ni isang daliri para galawin ang mga iyon. Pakitang-tao lamang ang lahat nilang ginagawa; dahil dito, malalapad na laso ng Kasulatan ang gusto nila para sa kanilang noo, at mahahabang palawit sa kanilang balabal. Gusto nilang mabigyan ng pangunahing lugar o upuan sa mga piging at sa sinagoga. Ikinatutuwa rin nilang mabati sa mga liwasan at matawag na guro ng mga tao.

“Huwag kayong patawag na guro sapagkat iisa lamang ang Guro ninyo at magkakapatid kayong lahat. Huwag din ninyong tawaging ama ang sinuman sa mundo sapagkat iisa lamang ang inyong Ama, siya na nasa Langit. Huwag din kayong patawag na gabay sapagkat iisa lamang ang inyong Patnubay, si Kristo. Maging alipin ninyo ang pinakadakila sa inyo. Sapagkat ibababa ang nagpapakataas at itataas ang nagpapakababa.”

Komentaryo

Matapos basahin at mapakinggan sa isang concelebrated mass ang Ebanghelyo ngayon, isang pari ang nagsabi, “Bawal pa lang tawaging ‘Father’ ang pari. Buti na lang naging ‘monsignor’ ako.”

Totoo nga bang ipinagbabawal ni Jesus ang paggamit ng titulo bilang pagtawag sa mga taong may katungkulan?

Ang mga lider sa pamayanang Judio ay mayayabang at mapagmalaki sa kanilang kakaibang kasuotan. Gusto nilang sila ay binabati sa mga liwasan. Ang kanilang itinuturo ay hindi naman nakikita sa buhay nila.

Ang mga linyang ito sa Ebanghelyo ay tuligsa sa istilo ng pagiging lider ng mga Judio. Para kay Jesus, sa Kristiyanong pamayanan, ang mga titulo ay dapat gamitin sa paglilingkod sa kapatiran. Sa labas ng mapagpakumbabang paglilingkod, ang mga titulo ay walang kabuluhan. Ang titulo ay tawag na may paggalang dahil sa katungkulan at paglilingkod na totoo ng mga namumuno.

Sa ating mga pinuno, “Hoy, Gising!”

Lunes, Oktubre 31, 2005
Ika-31 Linggo ng Taon

Unang Pagbasa: Rom 11:29-36
Tinapay ng Buhay: Lc 14:12-14

Sinabi naman ni Jesus sa nag-anyaya sa kanya: “Kung maghahanda ka ng tanghalian o hapunan, huwag mga kaibigan mo o mga kapatid mo o mga kamag-anak o mayayamang kapitbahay ang iyong kumbidahin, baka kumbidahin ka rin nila at susuklian ka. Kung maghahanda ka, mga dukha, mga bale-wala, mga pilay at mga bulag ang kumbidahin mo. At magiging mapalad ka dahil hindi ka nila masusuklian ngunit sa pagkabuhay ng mga mabuti ka susuklian.”

Komentaryo

Isang paring Amerikano na siya ring aming unang superior ang nagkaroon ng malaking impluwensiya sa aking pagkapari at sa mga taong kanyang nakasalamuha. Nang siya ay maging kura paroko sa isang parokya sa Bukid Area ng Kaloocan, naging balita ang kanyang pagiging mapagbigay. Lahat ay kanyang binibigyan kahit halata naman na ang iba ay nanloloko lamang. Ang sabi niya, “Kung may isandaang tao ang lumapit sa akin at ang siyamnapu’t siyam ay nanloloko lang, tutulungan at bibigyan ko pa ring lahat sa pag-asang may isa sa kanilang totoong nanga-ngailangan.” Kahit mahirap, pinipilit kong tularan ang kanyang halimbawa.